DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
RELEASED
BY: No. 1395
DATE: NOV 24 2026 TIME: 3:55

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BICOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG CATANDUANES

24 Nobyembre 2026

MEMORANDUM PANSANGAY
Bilang 1395, s. 2026

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PAGPAPAHALAGANG PILIPINO 2026

Sa:

Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Superbisor ng CID at SGOD
Superbisor sa Programang Edukasyon
Superbisor ng mga Pampublikong Paaralan sa Distrito
Punongguro ng mga Paaralang Elementarya
Iba Pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 479, s. 1994, na nagtatakda sa Nobyembre bilang Buwan ng Pagpapahalagang Pilipino, at kaugnay ng Programang Moral Recovery sa ilalim ng Proklamasyon Blg. 62, s. 1992, hinihikayat ang lahat ng paaralan na makabuluhang ipagdiwang ang Buwan ng Pagpapahalagang Pilipino 2026.

2. Ang tema ngayong taon na **"Bagong Pilipinas, Panibagong Pag-asa; Pananampalataya sa Diyos at Maka-Diyos na Pagpapahalaga tungo sa Makabuluhang Pagbabago"** ay nagbibigay-diin sa pananampalataya bilang saligan ng mabuting pagkatao at positibong pagbabago. Hinihikayat ang lahat na isabuhay ang katapatan, kababaang-loob, pasasalamat, pagmamalasakit, paggalang, at paglilingkod sa kapwa.

3. Sa mga paaralan ng Catanduanes, dapat makita ang pananampalataya sa mga gawa at pakikitungo sa kapwa. Isasagawa ang mga gawain nang inklusibo, angkop sa edad, at may paggalang sa magkakaibang paniniwala ng mga kasapi ng pamayanan.

4. Hinihikayat ang mga paaralan na magsagawa ng simple at makabuluhang gawaing nakabatay sa tema, tulad ng sumusunod:

a. **Sandali ng Pasasalamat at Pagninilay** – mga gawaing nagpapalalim ng pasasalamat at pagninilay sa mabubuting pagpapahalaga;
b. **Pananampalatayang Isinasagawa** – mga hamon sa kabaitan, pagtutulungan, at pagtulong sa nangangailangan;
c. **Pagkukuwento at Pagninilay** – mga kuwento at talakayan tungkol sa katapatan, kababaang-loob, pagpapatawad, at paggalang;
d. **Proyektong DAMAYAN: Paglilingkod sa Kapwa** – kusang-loob na pagbabahagi at pagtulong sa mga mag-aaral, pamilya, o pamayanang nangangailangan; at
e. **Pangangalaga sa mga Nilikha ng Diyos** – paglilinis, pagtatanim, wastong pamamahala ng basura, at pangangalaga sa kapaligiran.

5. Hindi dapat magtapos sa Nobyembre ang pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang Maka-Diyos. Hinihikayat ang mga paaralan na isama ang mga ito sa pang-araw-araw na

pagtuturo at pagkatuto, mga programa, kultura ng paaralan, at pakikipag-ugnayan sa pamilya at pamayanan.

6. Nakapaloob sa memorandum na ito ang disenyo ng tarpaulin at ang link kung saan ito puwedeng idownload.

6. Ang lahat ng paaralan ay magsusumite ng ulat ng mga naisakatuparang gawain, kalahok, mahahalagang kinalabasan, at epekto nito sa mga mag-aaral at pamayanan sa **marivic.camacho001@deped.gov.ph** sa o bago ang Disyembre 11, 2026.

7. Ang mga pinahihintulutang gastusin ay maaaring singilin sa lokal na pondo at/o MOOE, alinsunod sa pagkakaroon ng pondo at sa umiiral na mga tuntunin sa accounting at auditing.


8. Inaasahan ang pinakamalawak na pagpapalaganap at pagsunod sa Memorandum na ito.

Sa Kapahintulutan ng OIC-Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan:

EVA S. TOLENTINO
Opisyal na Pangpangasiwaan V
Namamahalang Opisyal

CID/mtc
11/24/2026

Enclosure No. 1 of D.M. No. 1398, s. 2026



Link: **https://tinyurl.com/2026Valuesmonth**